

Paglinaw sa mga Haka-haka!

Alamin ang Katotohanan tungkol sa Flu!

1. "Kung ang mga taong nakapaligid sa akin ay walang sakit, hindi ako mahahawa ng flu."

Mali!

Puwedeng makahawa ang mga tao kahit wala silang sakit.

2. "Magkaka-flu ka kapag nagpabakuna ka."

Mali!

Ang bakuna sa flu ay naglalaman lang ng di-aktibong virus. **Hindi ka magkaka-flu dahil sa bakuna.**

3. "Masakit ang bakuna ng Flu at sasama ang pakiramdam mo."

Mali!

Makakaramdam ka ng kaunting kirot. Maaaring medyo mamaga, o sumakit ng kaunti o sinatin pagkatapos. **Karamihan ng tao ay walang reaksyon sa bakuna.**

4. "Nakapagpabakuna na ako noong nakaraang taon, kaya hindi ko na kailangan ito."

Mali!

Ang flu virus ay nagbabago taun-taon.

5. "Hindi ako nakapagpabakuna noong Oktubre, kaya huli na ang lahat." **Mali!**

Mas maagang magpabakuna kung maaari sa pagitan ng Oktubre at Marso.

Magpabakuna para sa Flu!

Kahit sino ay maaaring mahawa ng flu!

Siguruhing magpabakuna para sa flu taun-taon.



Para sa buong video at karagdagang impormasyon, magtungo sa: <http://ddssafety.net/health/preventive-health/fighting-flu-and-pneumonia>

Maging Ligtas sa Flu!

Magpabakuna na Ngayon!



CALIFORNIA DEPARTMENT OF DEVELOPMENTAL SERVICES



Ano ang Bakuna para sa Flu?

Ang bakuna para sa flu ay ang pinakamabisang proteksyon laban sa influenza (flu). Ang flu ay isang nakakahawang sakit na maaaring maging seryosong pagkakasakit, pagkaospital, at kamatayan pa nga.

Sino ang Kailangang Magpabakuna?

- Lahat ng 6 na buwan o mas matanda ay dapat na magpabakuna para sa flu.
- Ang mga taong may sakit na asthma, diabetes, o sakit sa puso ay dapat na magpabakuna para sa flu.

Sino ang Hindi Puwedeng Magpabakuna nito?

Ang mga taong may alerdyi sa itlog ng manok o dating nagkaroon ng pangit na reaksyon sa bakuna para sa flu.



Kailan Dapat Magpabakuna

- Magpabakuna ng maaga kung maaari, sa pagitan ng Oktubre at Marso.
- Mahalagang magpabakuna para sa flu taun-taon! Nagbabago taun-taon ang virus ng flu.

Ano ang Dapat Asahan

- Hindi ka magkaka-flu dahil sa bakuna.
- Kaunting kirot lang mararamdaman kapag nagpabakuna.
- Pagkatapos magpabakuna, maaaring makaramdam ng kirot o sinat sa loob ng isang araw o higit pa. **Karamihan ng tao ay walang anumang reaksyon!**

Para sa karagdagang impormasyon tungol sa bakuna para sa flu, magpunta sa: <http://ddssafety.net/health/preventive-health/fighting-flu-and-pneumonia>

Saan Makakapagpabakuna

Para makapagpabakuna, magtanong:

- Sa iyong doktor
- Sa county health department
- Sa parmasya (gaya ng Walgreens o CVS)
- Sa grocery store (gaya ng Safeway,

Target, Vons, Costco, o Walmart)

Magtungo sa <http://vaccine.healthmap.org/> para sa mga lugar na nagbabakuna malapit sa inyo!

Paano ako Makakapagpa-iskedyul ng pagbabakuna para sa flu?

- Tumawag sa county health department, local na parmasya, o grocery store para malaman kung kailan sila nagbabakuna.
- Makipag-appointment sa opisina ng iyong doktor.

Sino pa ang puwede kong tawagan para hingian ng impormasyon?

- Tawagan ang iyong coordinator ng regional center service at itanong kung saan makakapagpabakuna.
- Alamin sa iyong tagapaglaan ng insurance kung covered ba ng iyong plan ang bakuna para sa flu.

